

SEGURO NG KAWALAN NG TRABAHO

Maghain ng Mga Habol • Impormasyon sa Pagbabayad • Pangkalahatang Impormasyon

SINO ANG DAPAT MAGHAIN NG HABOL

Maaari kang maghain ng habol para sa mga benepisyo sa Seguro ng Kawalan ng Trabaho (Unemployment Insurance o UI) kung hindi ka na nagtatrabaho o nabawasan ang iyong mga oras ng trabaho. Upang maging kwalipikado na makatanggap ng mga benepisyo sa UI, hindi mo dapat kasalanan ang kawalan mo ng trabaho at dapat ay may pisikal na kakayahan kang magtrabaho, handa kang tumanggap ng trabaho at naghahanap ka ng trabaho.

KAILAN DAPAT MAGHAIN

Dapat kang mag-apply para sa mga benepisyo sa oras na mawalan ka ng trabaho o mabawasan ang iyong mga oras ng trabaho. Ihahain o muling bubuksan ang iyong habol sa Linggo ng linggo kung kailan ka maghahain. Ang lahat ng habol ay mayroong isang linggong hindi binabayaranang panahon ng paghihintay. Hindi magsisimula ang panahon ng paghihintay hanggang sa maihain ang habol.

ANO ANG KAILANGAN MO SA PAGHAHAIN

Upang matukoy kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo, hihingan ka ng sagot sa iba't ibang tanong, tulad ng impormasyon tungkol sa mga dati mong employer at dahilan kung bakit wala kang trabaho. Upang matiyak na maihahain ang iyong habol sa lalong madaling panahon, dapat mong ihanda ang sumusunod na impormasyon bago mo ihain ang iyong habol:

- Ang iyong Social Security number, pangalan (kabilang ang lahat ng pangalang iyong ginamit habang nagtatrabaho), petsa ng kapanganakan, mailing address at address ng tirahan (kasama ang ZIP code) at numero ng telepono (kasama ang area code).
- Ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho o identification card.
- Ang petsa ng huling araw na nagtrabaho ka para sa sinumang employer.
- Impormasyon hinggil sa huling employer, kabilang na ang pangalan ng negosyo o kumpanya kung saan ka huling aktwal na nagtrabaho, address (mailing at aktwal na lokasyon) at numero ng telepono. Kailangan din namin ang ZIP code para sa parehong address at ang area code para sa numero ng telepono ng employer.
- Ang dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho para sa huli mong employer at ang pangalan ng iyong supervisor.
- Impormasyon hinggil sa lahat ng employer na pinagtrabahuhan mo sa loob ng 18 buwan bago ang paghahain ng iyong habol, kabilang ang pangalan, address, panahon ng pagtatrabaho, mga kinitang sahod at paraan ng pagbabayad sa iyo.
- Impormasyon mula sa iyong DD214 Member Copy 4, kung nagsilbi ka sa Militar sa loob ng nakalipas na 18 buwan.
- Impormasyon mula sa iyong Standard Form 8, "Notice to Federal Employees About Unemployment Insurance" ("Abiso sa Mga Pederal na Empleyado Tungkol sa Seguro ng Kawalan ng Trabaho"), kung nagtrabaho ka para sa isang ahensya ng pederal na pamahalaan sa loob ng nakalipas na 18 buwan.
- Ang iyong alien registration number at ang petsa ng pagkapaso kung hindi ka mamamayan ng U.S.

PAANO IHAIN O MULING BUKSAN ANG IYONG HABOL

ONLINE

Gamitin ang eApply4UI upang maghain para sa UI o upang muling buksan ang iyong habol. Magagamit ito online 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo at nang nasa Ingles o Spanish. Ito ay ligtas, maaasahan at ang pinakamabilis na paraan ng pag-a-apply para sa UI o muling pagbubukas ng iyong habol.



TELEPONO

Tumawag upang makipag-usap sa isang customer service representative ng Employment Development Department (EDD) upang ihain o muling buksan ang iyong habol. Maaari kang tumawag sa isa sa mga toll-free na numero kahit saan sa U.S, mula 8 a.m. hanggang 12 ng tanghali (Pacific Standard Time), Lunes hanggang Biyernes maliban sa mga piyesta-opisyal:

Ingles 1-800-300-5616
Spanish 1-800-326-8937
Cantonese 1-800-547-3506

Mandarin 1-866-303-0706
Vietnamese 1-800-547-2058
TTY (non-voice) 1-800-815-9387

ANG SUSUNOD NA MANGYAYARI

Pagkatapos mong ihain ang iyong habol, mangyaring maglaan ng 10 araw para sa pagpoproseso. Kung hindi ka makatanggap ng abiso sa mail pagkatapos ng 10 araw, tumawag o makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagsusumite ng iyong tanong online sa www.edd.ca.gov/Unemployment at i-email ang iyong mga tanong sa pamamagitan ng pagpili sa "Contact Us" ("Makipag-ugnayan sa Amin") sa ilalim ng Pangkalahatang Impormasyon.

IMPORMASYON SA PAGBABAYAD

Para sa status ng huling ginawang pagbabayad sa iyo para sa UI, tumawag sa toll-free na Automated Self-Service na numero ng telepono ng EDD na nakalista sa ibaba. Kakailanganin mo ang iyong Social Security number at 4 na digit na Personal Identification Number (PIN) upang ma-access ang impormasyon sa pagbabayad. Nagbibigay ang Automated Self-Service na numero ng sunud-sunod na tagubilin upang matulungan kang i-set up ang iyong PIN upang ma-access mo ang iyong kumpidensyal na impormasyon ng habol sa UI. Gagabayan ka rin ng Automated Self-Service sa iba pang mga serbisyong maaaring kailanganin mo.

Automated Self-Service (Ingles at Spanish) 1-866-333-4606

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

MGA MADALAS ITANONG

Magkano ang ibinabayad ng UI?

Ang mga lingguhang halaga ng benepisyo ay mula sa minimum na \$40 hanggang sa maximum na \$450 depende sa mga dati mong kita tuwing tatlong buwan.

Kailan pinakamainam na tumawag sa isang customer service representative?

Upang mabawasan ang iyong oras ng paghihintay, iwasang tumawag sa mga oras kung kailan pinakaabala kami: Tuwing Lunes, sa araw pagkatapos ng isang piyesta-opisyal, at mula 8 a.m. hanggang 8:30 a.m. Ang mga araw kung kailan hindi kami gaanong abala ay Miyerkules at Huwebes.

Bakit ako nakaiskedyul para sa isang panayam sa telepono?

Kung mayroong anumang mga tanong tungkol sa iyong kwalipikasyon na makatanggap ng mga benepisyo, mangangailangan ng karagdagang impormasyon mula sa iyo at makatanggap ka ng abiso sa mail hinggil sa isang nakaiskedyul na panayam sa telepono. Halimbawa, itatakda ka para sa isang panayam sa telepono kung umalis ka sa huli mong trabaho, kung pinatalsik ka sa huli mong trabaho, kung wala kang kakayahan o hindi ka maaaring magtrabaho, at/o kung hindi ka naghahanap ng trabaho. Mahalagang suriin ang impormasyon sa abiso upang matulungan kang maghanda para sa panayam.

IBA PANG MGA MAPAGKUKUNAN

Nagbibigay ang EDD ng iba't ibang serbisyo sa pagtatrabaho at pagsasanay sa pakikipagtulungan sa mga pang-estado at lokal na ahensya at organisasyon. Ang mga serbisyong ito, na ipinagkakaloob sa buong estado sa pamamagitan ng America's Job Center of CaliforniaSM (kilala dati bilang One-Stop Career Centers), ay mainam para sa mga naghahanap ng trabaho, natanggal na manggagawa, kabataan, beterano at taong may mga kapansanan. Ipinagkakaloob ang lahat ng walang bayad na mapagkukunan na ito upang matiyak ang tagumpay ng paghahanap ng trabaho.

Nag-aalok ang America's Job Center of CaliforniaSM ng:

- Tulong sa paghahanap ng trabaho
- Mga listahan ng trabaho sa pamamagitan ng CalJOBSSM
- Access sa mga telepono, Internet, mga printer, mga fax machine at mga copy machine
- Mga workshop
- Impormasyon hinggil sa mga sahod at kalakaran
- Mga mapagkukunan sa komunidad
- Mga referral sa iba pang mga serbisyo at marami pang iba

Upang mahanap ang pinakamalapit na lokal na America's Job Center of CaliforniaSM, tumawag sa Toll-Free na Help Line ng America's Workforce Network sa 1-877-US 2 JOBS (1-877-872-5627) o i-access ang www.servicelocator.org upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga makukuhang serbisyo sa iyong lokal na komunidad. Makukuha ang impormasyon sa mahigit 140 wika, at mayroong access sa TTY sa 1-877-889-5627 para sa mga may kapansanan sa pandinig.